**CREATIVE MINDS** Christian Learning School
*12 Menandro St., Pamplona 1, Las Pinas City 1740*

**S.Y. 2022-2023**
**IKALAWANG LAGUMANG PAGSUSULIT**
**FILIPINO 6**

Pangalan:_______________________________________________ Iskor:______________

Baitang/Pangkat:_______________________________________ ____Guro:Teacher Lai

I. Basahin ang maikling talata.

**Ang Agila at ang Kalapati**

Buong pagmamalaking inilatag ni Agila ang malapad niyang pakpak sa kaitaasan. Nang mapansin ng aroganteng ibon na ikinakampay din ng mabagal na si Kalapati ang mga puti nitong pakpak ay naghamon ang Agila.

"Hoy, Kalapati. Lalaban ka ba sa akin ng pabilisan sa paglipad?"

Sa sobrang yabang ni Agila, naisip ni Kalapati na bigyan ng aral ang humahamon.

"O sige," sagot ng Kalapati, "Kailan mo gustong magtunggali tayo?"

Hindi ipinahalata ng Agila na nagulat siya sa matapang na sagot ng hinamon.

"Ikaw ang bahala kung kailan mo gusto!"

Napansin ng Kalapati na nakaamba ang maitim na ulap sa kalawakan. Alam niyang ilang sandali lamang ay uulan na.

"Kung payag ka ay ngayon na," walang pag-aalinlangang sabi ni Kalapati. "Para maging mas masaya ang laban, kailangang may kagat-kagat tayong anumang bagay sa paglipad natin. Dadalhin ko paitaas ang isang tipak ng asin. Ikaw naman ay magdadala ng isang bungkos ng bulak. Payag ka ba?"

Napangiti ang Agila sa pag-aakalang higit na magaan ang bulak kaysa sa asin. Napagkayariang sa tuktok ng Asul na Bundok magsisimula ang paglipad at magtatapos sa tuktok ng Berdeng Bundok.

Habang nag-uunahan ang dalawang ibon sa paglipad, bumuhos na ang malakas na ulan. Nabasa ng ulan ang bulak na dala-dala ni Agila kaya ito'y bumigat nang bumigat. Nagpabagal ito sa paglipad ng hari ng ibon. Nalusaw ang asin na siya namang nagpabilis sa paglipad ni Kalapati.

Sa pagkapanalo ni Kalapati, mula noo'y hindi na nakapagyabang pang muli ang palalong Agila.

Sagutan ang mga sumusunod na tanong.

1. Anong hamon ang nais ni Agila kay Kalapati? ________________________________

2.Tinanggap ba ni Kalapati ang hamon ni Agila? Bakit?__________________________

_____________________________________________________________________

3. Kailan nagtunggali ang dalawang ibon?____________________________

_____________________________________________________________________

4. Bakit naisipang hamunin ni Agila si Kalapati ng pabilisan sa paglipad?________________________________________

_____________________________________________________________________

5. Paano nagtagumpay si kalapati laban kay Agila?_________________________



LIVEWORKSHEETS

II.Kompletuhin ang tsart sa ibaba. Ilagay ang angkop na sagot sa sumusunod.

| Perpektibo | Imperpektibo | Kontemplatibo |
|---|---|---|
| 6.umawit | umaawit | |
| 7.hinanap | | hahanapin |
| 8. | hinihiram | hihiramin |
| 9.binasa | | babasahin |
| 10. | naglalaba | maglalaba |
| 11.nagtanim | nagtatanim | |
| 12. sumulat | | susulat |
| 13. | nagsasalita | magsasalita |
| 14.kumulo | | kukulo |
| 15. tumulong | tumutulong | |

III. Tukuyin kung katawanin o palipat ang sumusunod na pandiwa sa pangungusap.

| | |
|---|---|
| **KATAWANIN PALIPAT** | 16. Si Anna ay kumakain ng tinapay. |
| **KATAWANIN PALIPAT** | 17. Si Zach at Kevin ay naglalaro ng patintero sa kalsada. |
| **KATAWANIN PALIPAT** | 18. Umuulan! |
| **KATAWANIN PALIPAT** | 19. Sumayaw si Marie. |
| **KATAWANIN PALIPAT** | 20. Sinuportahan ni tatay si Mark. |

IV. Tukuyin kung ang salitang may salungguhit kung tinig ng pandiwa sa pangungusap ay **Tukuyan** o **Balintiyak**. Isulat ang sagot sa patlang.

_________________________ 21. Si nanay ang kasamang aalis mamaya.

_________________________22. Masarap ang nilutong ulam ni ate Susan.

_________________________23. Ang bata ay tumawid sa kalye mag-isa.

_________________________24. Kinain ni Abby ang tinapay at puto sa lamesa.

_________________________25 Inihagis ni Luis ang bola.



LIVEWORKSHEETS

V. Tukuyin kung anong pokus ng pandiwa ang sumusunod. Piliin ang sagot sa kahon.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Lokatib** | **Aktor** | **Gol** | **Instrumental** | **Kawsatib** | **Benepektib** |

______________________26. Ito ang pokus ng pandiwa kapag ang paksa ay siyang tumatanggap ng kilos.

______________________27. Ito ay pokus ng pandiwa kapag ang paksa ay kagamitan o instrumento sa pagkakaganap ng kilos.

______________________28. Ang pokus ng pandiwa ay ang paksa nagsasaad ng sanhi o dahilan ng pagkakaganap ng kilos.

______________________29. Ang pokus ng pandiwa ay nagsasaad ng pook o lugar na pinagganapan ng kilos.

______________________30. Ang pokus ng pandiwa kapag ang paksa aysiyang gumaganap ng kilos ng pandiwa.

VI. Tukuyin ang pang-uring may salungguhit, isulat sa patlang kung ito ay panlarawan, pamilang o pantangi.

________________31. <u>**Maalalahanin**</u> ang aking mga magulang.

________________32. Nakapila na ang mga mag-aaral sa <u>**ika-anim**</u> na baitang.

________________33. Tangkilikin natin ang produktong <u>**Pilipino.**</u>

________________34. <u>**Luma**</u> na ang mga kasangkapan sa bahay ni Lola Basyang.

________________35. Isinuot ni Ginoong Martin ang bagong barong <u>**Tagalog**</u>.

VII. Tukuyin kung anong kayarian ng pang-uri ang sumusunod na salita.Isulat sa patlang ang **P** kung payak, **M**-kung maylapi , **I** kung inuulit at **T**-kung tambalan.

__________36. kaaya-aya

__________37. taos-puso

__________38. payapa

___________39. balat-sibuyas

___________40. napakahusay

"If you think you can do a thing or think you can't do a thing, you're right."
Goodluck to your exams!
-Teacher lai



LIVEWORKSHEETS